**Pamagat**: Ang Mag-aaral o Estudyante ng Biblia

**Texto**: 2 Tim. 2:15 "Study to shew thyself approved unto God, a workman that needeth not to be ashamed, rightly dividing the word of truth."
*Pagsasalin*: Mag-aral upang iharap ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Diyos, isang manggagawa na walang dapat ikahiya, hinahati ng wasto ang salita ng katotohanan.

A. Sa buong Bible ito ay ang iisang verse na makikita natin ang halaga ng mag-aral or ng magsumikap sa pagaaral ng mga salita ng Diyos. "Study" (pagsisikap; kasipagan; may sigasig; paggawa o trabaho; kasama rin ang pagiging madali o maliksi o maagap). Itinatakda natin ang ating isip o saloobin sa isang paksa upang matutunan ang hindi pa nalalaman o nakikilala.

B. Sa pag-aaral ang kagyat na resulta ay ang pagtaas ng kaalaman, pero hindi ito ang layunin ng pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Ang sabi ng Bible "Study to shew thyself approved unto God." Ang layunin ay upang iharap ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Diyos. Ipinapakita mo na ikaw ay subok o karapat-dapat sa Diyos.

C. Sa pag-aaral ng Salita ng Diyos ihinalintulad tayo sa isang "workman" (manggagawa; trabahador; obrero). Ang tinutukoy dito ay tapat, at gumagawa o nagtratrabaho ng maayos. "That needeth not to be ashamed" – upang hindi kinakailangang mapahiya sa pagsusuri ng iba, lalo na sa harap ng Diyos.

D. Ang kasanayan ng isang estudyante ng Biblia ay ang "rightly dividing the word of truth" – pinaghahati-hati ng wasto o tama ang salita ng katotohanan. Ito ay talinghaga at ang ibig sa bihin ay mayroon siyang kakayahan na ilagay sa tamang pagpapakahulugan o interpretasyon ang mga salita ng Diyos. "Rightly divinding" ay ang matuwid na pag-gupit ng mga bahagi ng Biblia. Bagamat ang Biblia ay isang libro, ito rin ay sagradong aklatan ng animnapu't anim na libro. At bagamat maraming aralin ang mapapagaralan natin, ang kahulugan ng salita o unit ng mga salita ay iisa lamang.

Ang pag-aaral ng Bibliya ay makikita sa Lumang Tipan: Deut. 4:1.2.9. 17:18-20; 6:6-9; 31:10-31; Joshua 1:8; 2 Chronicles 34:14-19; Nehemiah 8:1-10; Ps. 119:9,11, 105, 130. Ito rin ay makikita sa Bagong Tipan: Matthew 22:29; John 5:39; Acts 20:32; 1 Corinthians 2:13; Colossians 3:16; James 1:22.

**Mga Paghahanda para sa Pag-aaral**:

A. Tamang kaugnayan o relasyon sa Diyos.
- A.1. Dapat ikaw ay ligtas (John 3:3,5,7; I Corinthians 2:14)
- A.2. Dapat ang pag-iisip mo'y na sa mga ispiritual o makalangit na kaisipan. (1 Corinthians 2:15)

B. Tamang pagsalig o pagtitiwala sa Banal na Espiritu.
- B.1. Ang Banal na Espiritu ay ang siya na nagbibigay liwanag sa ating puso at isip. (1 Cor. 2:12)
- B.2. Siya ay ang ating Tagapagturo o Gabay. (John 14:26; 1 John 2:20, 26-27).

C. Tamang paggalang o respeto sa Salita ng Diyos.
- C.1. Ano ang Biblia?
  - C.1.a. Ito ay galing sa Diyos. (2 Tim. 3:16)
  - C.1.b. Ito ay para sa Tao. (John 20:31; 1 John 5:13)
- C.2. Ano ang sinasabi ng Biblia?
  - C.2.a. Tayo ay dapat na makinig sa sinasabi ng Biblia. (I Samuel 3:9).
  - C.2.b. Huwag nating palitan ang salita, dapat tayo ang magbago. (Hebrews 4:12)
- C.3. Ano ang dulot ng Biblia?
  - C.3.a. Pagtuturo (2 Tim. 3:16-17)
  - C.3.b. Sigla (Jeremiah 23:29, Luke 24:32; Psalm 39:3)
  - C.3.c. Pananampalataya (Romans 10;17)
  - C.3.d. Kalinisan/Kadalisayan (Psalm 119:9,11; John 15:3; 17;17)
  - C.3.e. Karunungan (Romans 15:4)
  - C.3.f. Paglago (1 Peter 2:2)
  - C.3.g. Paglilingkod (2 Timothy 3:17)
  - C.3.h. Bunga (John 15:4-8)